



# Mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Pulisya kapag Nag-uulat ng Krimen ng Pagkamuhi o Hindi Patas na Pagtingin

Mga konsiderasyon para sa mga biktima at saksi kapag gumagawa ng ulat sa pulisya.

Oregon Department of Justice's

**CIVIL RIGHTS UNIT**



# Ang Hotline Tugon sa Hindi Patas na Pagtingin ng Pambuong Estado ng Oregon

**Bias Response Hotline (hindi-emerhensya na hotline)**

1-844-924-BIAS (2427)

Lunes-Biyernes, 9am-5pm

May Serbisyo ng Pagsasalin sa 240+ wika

Kami ay Tumatanggap ng Lahat ng mga Relay Call

Mag-ulat Onlayn anumang oras sa [StandAgainstHate.Oregon.gov](https://StandAgainstHate.Oregon.gov)

- \* Ang hotline ay makakatulong sa pag-uulat ng lahat ng krimen ng pagkamuhi
- \* Hindi mo kailangang alamin ito ng mag-isa, kahit na matapos mong basahin ang mga slide na ito

# Mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Pulisya

## Saan at kailan ako mag-uulat?

- **Mag-ulat sa ahensya ng pulisya kung saan nangyari ang krimen**
  - Kahit na ikaw ay nasa ibang estado na ngayon, dapat kang mag-ulat sa departamento ng pulisya na matatagpuan sa bayan at estado kung saan nangyari ang krimen
  - Maaari kang mag-ulat sa pamamagitan ng telepono
- **Mahalaga ang pagiging maagap**
  - Minsan ang ebidensya (tulad ng pagtatala ng mga bidyo) ay mabilis na nawawala
  - Minsan ang batas ng mga limitasyon ay mawawalan ng bisa
- **Walang herarkiya sa ahensya ng pulisya**
  - Kung hindi mo gusto ang tugon ng departamento ng pulisya ng bayan kung saan nangyari ang krimen, ang opisina ng serip, Pulisya ng Estado ng Oregon, FBI, Kagawaran ng Hustisya ng Oregon, at Kagawaran ng Hustisya ng Estado Unidos ay hindi nila mga pinuno
- **Mag-ulat kung, kailan, at saan ka komportable**

# Mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Pulisya

## Paghahanda

- Humiling na makipagkita sa lugar at oras na komportable para sa iyo
  - Mas gusto mo ba sa iyong tahanan, sa kapihan, sa himpilan ng pulis, bertwal na pagpupulong?
- Humiling ng tagapagsalin
  - Mas mainam na maging malinaw sa iyong mga salita at para lubos mong maintindihan
- Humiling ng mga aksesibilidad sa pangangailangan
  - “Meron akong kapansanan at ako ay humihingi ng makatwirang akomodasyon”
  - Humiling na samahan ka ng taong sumusuporta na iyong pinagkakatiwalaan
  - Ikaw ay dapat 15 o mas matanda
  - Ang taong sumusuporta ay dapat 18 o mas matanda at hindi dapat saksi

# Mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Pulisya

## Paghahanda

- Sumulat ng listahan ng mga bagay na gusto mong isama sa iyong ulat
  - Mga petsa
  - Mga oras
  - Partikular na salita/gawain
  - Mga indikasyon ng hindi patas na pagtingin
  - Mga saksi, kabilang na ang mga taong sinabihan mo
  - Mga dating insidente
- Sumulat ng listahan ng iyong mga tanong
- Tandaan, hindi mo kailangang lutasin ito, o magkaroon ng kahit anong mga sapataha

# Mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Pulisya Paghahanda

## Suriin ang mga indikasyon ng hindi patas na pagtingin

- Mga kaibahan**, aktwal man o paghihinala ng suspek sa lahi, kulay, etnisidad, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pambansang lahi, relihiyon, sekswal na oryentasyon, katayuan sa kapansanan, o iba pang kultural na pagpapahayag ng biktima.
- Ang biktima ay nakibahagi ng **mga aktibidad** na nagtataguyod o nagsusulong para sa partikular na grupo o pagkakakilanlan.
- Ang insidente ay kasabay ng **selebrasyon** o petsa na may kahalagahan sa grupo ng biktima o suspek.
- Salita, mga nakasulat na pahayag, o mga kilos** na ginawa ng suspek na nauugnay sa hindi patas na pagtingin.
- Nauugnay sa hindi patas na pagtingin na **mga guhit, mga marka, mga simbolo, at bandalismo** sa damit, tao, o ari-arian na naiwan sa pinangyarihan ng insidente.
- Naiwan na **mga bagay, mga salita, o mga gamit** na kumakatawan sa gawain ng mga organisadong grupo ng pagkamuhi (hal., mga puting talukbong , nasusunog na mga krus, mga silo, atbp).
- Mga nakaraang krimen sa hindi patas na pagtingin ay nangyari sa parehong **lokasyon**.
- Ang lokasyon ay kumakatawan ng isang **ligtas, espesyal, katipunan, o banal na espasyo** para sa grupo.
- Ang biktima o saksi (mga) ay may **pakiramdam** na ang insidente ay **udyok** ng hindi patas na pagtingin.
- Ang suspek ay **dati nang nasangkot** sa parehong insidente o miyembro ng/nakikipag-ugnayan sa **organisadong grupo ng pagkamuhi**.
- Ang suspek ay nakikisali sa mga **gawain ng pagkamuhi** mapersonal man at/o sa onlayn.
- Ang biktima ay dati nang **nagipit o inabuso ng berbal** batay sa kanilang ugnayan sa grupong pinatatamaan.
- Kakulangan ng iba pang mga motibo** para sa insidente.

# Mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Pulisya

## Pag-uulat

- Gamitin ang mga salitang "krimen ng pagkamuhi", hindi and hindi patas na pagtingin
  - Ang krimen ng pagkamuhi ay mas nauunawaan ng nakararami
- Maging partikular kung paano mo nalaman na ikaw ay pinatatamaan
  - Iulat ang eksaktong mga paninira na iyong narinig
  - Ipaliwanag kung paano ang salitang iyon ay pinatatamaan ang iyong aktuwal o pinaghihinalang pagkakakilanlan
  - Ilarawan ang anumang mga indikasyon ng hindi patas na pagtingin
  - Ipaliwanag ang iyong lokasyon o petsa, kung ito ay may kaugnayan
  - Ilarawan ang anumang mga damit, simbolo, senyas, o tattoo na nakita mo na may kaugnayan sa pagkamuhi.
- Ibahagi ang anuman at lahat na mga detalye (tunog, amoy, kilos, atbp.)
  - Ito ay maaaring maiugnay sa ibang krimen, o may kaugnayan sa pagpapatunay ng pag-udyok ng hindi patas na pagtingin
- Iulat ang pinsala o pagkawala ng ari-arian na may partikular na halaga ng dolyar/halaga
  - Walang halaga/sentimental = \$0
  - Ang halaga ng pinsala/pagkawala ay tumutukoy kung anong krimen ang maaaring ihabla

# Mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Pulisya Pag-uulat

- Iulat ang sakit
  - Huwag magtitigas-tigasan
  - Walang kasong pananakit sa ilalim ng batas ng Oregon kung walang sakit/sugat.
  - Ang antas ng sakit, katagalan ng sakit, kung ang sugat ay pinahina ang iyong paggamit/paggalaw ay tumutukoy kung anong krimen ang maaaring maihabla.
- Banggitin ang mga batas
  - Insidente ng Hindi Patas na Pagtingin, [ORS 147.380](#)
  - Krimen ng Hindi Patas na Pagtingin sa Ikalawang Antas, [ORS 166.155](#)
  - Krimen ng Hindi Patas na Pagtingin sa Unang Antas, [ORS 166.165](#)
  - Pananakot sa Pamamagitan ng Pagpapakita ng Silo, [ORS 163.191](#)
- Hindi sinangguni sa hotline ang insidente sa hindi patas na pagtingin?  
Ibahagi ang iyong kaalaman, panagutin sila
  - Ang [ORS 147.380\(2\)](#) ay nag-aatas sa pulisya na isangguni ang mga biktima ng hindi patas na pagtingin sa mga Kwalipikadong Serbisyong Lokal para sa Biktima o sa buong estadong Holtine Tugon sa Hindi Patas na Pagtingin



# Parte sa Pag-udyok ng Hindi Patas na Pagtingin

- Para sa mga krimen ng hindi patas na pagtingin sa Oregon, ang pag-udyok ng hindi patas na pagtingin ay hindi kailangang maging ito *lang* ang dahilan ng salarin.
  - Halimbawa, ang isang tsuper ay maaaring "magalit" sa iyong pagmamaneho, sinadyang banggain ang iyong sasakyan, at pagkatapos ay tinawag ka ng pang-iinsulto, ito ay maaaring maging isang krimen ng hindi patas na pagtingin.

**Estado v. Hendrix**, 107 Or. App. 734 (Or. Ct. App. 1991), pinagtibay ng Korte Suprema ng Oregon sa 314 Or. 170 (1992)

“Ang nasasakdal, nang hindi binabanggit ang anumang awtoridad, ay nangangatwiran na dapat patunayan ng estado na ang isa o higit pang mga tao ay naudyok na kumilos dahil *lamang* o *pangunahin* sa kanilang pananaw sa lahi, kulay, relihiyon, pambansang lahi o sekswal na oryentasyon ng biktima. Hindi kami sumasang-ayon... Walang anuman sa pag-unlad ng wikang pinili ng lehislatura ang sumusukat sa porsyento ng labag sa batas na pag-udyok na kinakailangan upang mabuo ang krimen ng pananakot. Sa mukha nito, ang Batas ng Pananakot ay lumilikha ng kriminal na pananagutan kapag ang labag sa batas na motibo ay gumaganap ng anumang papel sa ipinagbabawal na pag-uugali.”

# Mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Pulisya

## Pag-uulat

- Ihiling sa opisyal ng pulisya na magsulat ng ulat
- Magtala habang o pagkatapos kaagad
  - Ano ang buong pangalan ng opisyal na tumugon? # ng Badge?
  - Anong ahensya ng pulisya ang tumugon?
  - Ihiling ang business card ng opisyal
  - Ihiling ang # ng kaso at # ng CAD
  - Ihiling sa mga saksi ang kanilang mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan
  - Isulat ang mga plaka ng sasakyan ng mga saksi

# Mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Pulisya

## Pag-asikaso

- Magtanong kung ano ang susunod na mangyayari, at kailan
- Magtanong kung paano makipag-ugnayan sa pulisya, piskal, o tagapagtaguyod ng biktima
- Maaari kang magtalaga ng ibang tao bilang pangunahing ponto ng pakikipag-ugnayan sa pulisya
  - Kung mayroon silang mga ebidensyang tanong para sa iyo, maari ka pa rin nilang kausapin
- Magtanong kung ano ang gagawin kung merong mga karagdagang krimen o mga insidente na nangyari
- Gumawa ng mga tala tungkol sa lahat na interaksyon ng pakikipag-ugnayan

Gusto mo bang malaman kung ano  
ang ginagawa ng Yunit ng  
Karapatang Sibil? Sundan kami sa  
sosyal medya!



Oregon Department of Justice's

**CIVIL RIGHTS UNIT**

